

Pagprotekta ng mga Bata sa Pang-aabuso: Para sa mga Magulang at mga Tagapag-alaga

ALAMIN ANG MGA IMPORMASYON

Bilang mga adulto gumaganap tayo ng isang napakahalagang papel sa pagprotekta ng mga bata sa kapahamakan.

Bilang isang magulang o tagapag-alaga, ikaw ay may pangunahing pananagutan na bantayan at alagaan ang sarili mong mga anak at tulungan silang magkaroon ng mga relasyon na ligtas at magalang.

Ikaw rin ay gumaganap ng isang napakahalagang papel sa pagtiyak at pagtugon sa isang pinaghihinalang abuso sa komunidad. Sa totoo lang maaaring maging isang kriminal na paglabag kung hindi mo isusumbong ang isang pinaghihinalang sekswal na pang-aabuso sa isang bata.

PAGSUMBONG NG PANG-AABUSO

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay naghihinala na ang *aking anak ay inabuso*?

Kung naniniwala ka na ang iyong anak ay inabuso, o may peligro na maaabuso, kontakin mo kaagad ang Victoria Police sa pamamagitan ng pagpunta sa himpilan ng pulis sa iyong lugar o sa 000 kung ito ay emerhensiya.

Ano ang dapat kong gawin kung naghihinala ako na inaabuso ang ibang bata?

Kung ikaw ay naghihinala na ang isang bata ay inabuso, o may peligro na maaabuso (gaya ng abusong pangkatawan, pampamilyang karahasan o pagpapabaya) dapat kang magsumbong kaagad sa Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao (DHHS) Pagprotekta ng Bata (Child Protection) (tingnan ang mga pang-kontak na detalye sa katapusan nitong papel pangkaalaman (fact sheet).

- Kung ikaw ay naghihinala na ang isang bata ay inabusong sekswal, dapat ka rin magsumbong ng iyong mga pagkabahala sa Victoria Police. Maaari kang gumagawa ng paglabag na kriminal kung hindi mo gagawin ito.
- Dapat ka ring magsumbong kahit hindi ka nakakasiguro. Tungkulin ng mga maykapangyarihan na siyasatin ang iyong mga pagkabahala at magpasya kung kailangang magsagawa ng anumang karagdagang pagkilos.
- Ang mga magulang at tagapag-alaga madalas ay nasa posisyon upang pangalagaan ang mga kaibigan ng kanilang mga anak. Ito ay dahil mas malamang na sabihin ng mga bata ang kanilang mga karanasan ng pang-aabuso sa kanilang kapwabata, na siya namang magbabahagi nito sa kanilang mga sariling magulang at tagapag-alaga.

- Kung kakausapin ka ng iyong anak tungkol sa kanyang kaibigan, at naghihinala ka na ang bata ay inaabuso o may peligro na maaabuso, dapat kang kumilos. Baka ikaw lang ang adultong nasa posisyong kumilos at ang iyong pagtugon ay maaaring napakahalaga sa pagprotekta ng kaligtasan ng bata.

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay naghihinala na ang isang bata ay inaabuso at noong nakaraan ay siniyasat at ipinawalang-bahala ng mga maykapangyarihan ang aking sumbong?

Kung mayroon kang mga bagong saligan sa iyong paniniwala na ang isang bata ay inaabuso, dapat kang magsumbong muli sa DHHS Child Protection o Victoria Police. Ang bawat sumbong ay napakahalaga sa pagprotekta ng isang bata dahil bumubuo ito ng katibayan at tinutulungan ang mga maykapangyarihan na magkaroon ng higit na malinaw na pag-unawa ng mga peligro sa bata.

Ano ang mangyayari sa aking anak kung may tao sa paaralan na naghihinala na ang aking anak ay inabuso?

Lahat ng mga tauhan sa paaralan ng iyong anak ay kinakailangang magsumbong ng hinihinalang abuso ng bata sa DHHS, Child Protection at, sa ilang mga kaso, sa Victoria Police.

Ang paaralan ng iyong anak ay kokontakin ka sa lalong madaling panahon, maliban na lamang kung sila ay pinayuhan ng DHHS, Child Protection at/o Victoria Police na huwag gawin ito.

Kung naaangkop makikipagtulungan sa iyo ang paaralan upang siguruhin na mabigyan ng suporta ang iyong anak na mararing kabilang ang pagsasangguni sa kanya sa mga propesyunal para sa kanyang kapakanan.

Kailan magiging kriminal na paglabag ang hindi pagsumbong ng pinaghihinalang pang-aabuso?

Kahit sinong adulto ay maaaring humarap sa mga kriminal na sakdal kung ipinapalagay niya na ang isang adulto ay gumawa ng seksuwal na paglabag sa isang batang mababa sa 16 taong gulang at hindi niya ibinigay-alam ang impormasyong ito sa pulisiya.

MGA IMPORMASYON TUNGKOL SA PANG-AABUSO SA BATA

Ano ang pang-aabuso sa bata?

Pang-aabuso sa Bata

- Maaaring kabilang ang pisikal na pang-aabuso, sekswal na pang-aabuso, paghahanda para sa layuning sekswal, pandamdamin o pangkaisipang pinsala, pagpapabaya o karahasang pampamilya
- hindi kailangang may pisikal na kontak o karahasan (hal. ang pang-aabuso sa bata ay maaaring kabilang ang pagkausap sa bata sa paraang malinaw na sekswal)
- maaaring gawin ng isang miyembro ng komunidad, kabilang ang isang tao sa pamilya ng bata o isang tao sa kapaligiran ng paaralan,

Ang masakit na karanasang hindi makalimutan na iniuugnay sa pang-aabuso sa bata ay maaaring makaapekto nang husto sa kapakanan at pag-unlad ng isang bata. Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga na tayong lahat ay tutugon kaagad sa anumang uri hinihinalang pang-aabuso.

Anu-ano ang mga palatandaan na ang isang bata ay inabuso?

Maraming palatandaang pisikal at pag-uugali ng pang-aabuso sa bata.

Pinakamahalaga na kumilos ka kung may napapansin kang anuman upang makatwiran mong ipalagay na ang isang bata ay inabuso, o may peligro na maaabuso, kabilang (nguni't hindi limitado sa):

- isang pagbabago sa pag-uugali ng bata (hal. paglayo sa ibang tao, pagbabalik sa ugaling-bata, o mga di-angkop sa edad na seksuwal na pagkilos)
- pangkatawang palatandaan ng pang-aabuso (hal. mga di-maipaliwanag na pasa, latay, mga palatandaan ng malnutrition)
- isang di-naangkop na relasyon sa pagitan ng isang adulto at isang bata (hal. di-nababagay na pisikal na kontak, mga di-maipaliwanag na regalo o telepono/email na kontak).

ANG PAPEL NG PAARALAN

Paano dapat tutugon ang mga paaralan sa pinaghihinalang seksuwal na pang-aabuso sa bata?

Ang lahat ng mga tauhan sa mga paaralan ng Victoria ay inoobligang tumugon sa anumang insidente o paghinhinala ng pang-aabuso sa bata gaya ng nakabalangkas sa ibaba:

1. Tumugon sa emerhensya

Asikasuhin kaagad ang mga pangangailangang nauukol sa kalusugan at kaligtasan (hal. maglapat ng pangunahing lunas o kontakin ang mga pang-emerhensyang serbisyo)

2. Magbigay-alam sa mga may kapangyarihan

Isumbong ang anumang makatwirang paniniwala na ang bata ay inabuso, o may peligro na maaabuso s DHHS Child Protection o Victoria Police.

3. Kontakin ang mga magulang/tagapag-alaga kapag naangkop

Kontakin ang mga magulang/tagapag-alaga kapag ipinayo ng mga maykapangyarihan na ligtas at tama na gawin ito.

Naangkop na ang mga magulang/tagapag-alaga ay gaganap ng pinakamahalagang papel sa pagbibigay ng suporta sa kanilang mga anak, gayon pa man ang mga paaralan ay inatasang huwag kontakin ang mga magulang/tagapag-alaga sa mga pagkakataong ang ganito ay maaaring makahadlang sa pagsisiyasat o maaaring mailagay ang bata sa higit na malaking peligro.

4. Magbigay ng patuloy na ginagawang suporta para sa lahat ng mga batang naapektuhan ng pang-aabuso

Magbigay ng nababagay na suporta para sa lahat ng mga batang naapektuhan ng pag-aabuso. Malamang na kabilang dito ang patuloy na ginagawang pagpapayo mula sa mga propesyunal. Ang patuloy na ginagawang suporta sa bata ay idodokumento sa isang *Plano ng Suporta ng Mag-aaral*.

Ang mga aksyon na ito ay nakabalangkas nang mas detalyado sa *Pagtiyak at Pagtugon sa Lahat ng Uri ng Pang-aabuso sa mga Paaralan ng Victoria*.

Kailangan bang isumbong ng mga tauhan sa paaralan ng aking anak ang pang-aabuso sa bata?

Oo – lahat ng tauhan sa paaralan ng iyong anak ay inaatasan ng batas na isumbong ang anumang makatwirang paniniwala na ang isang bata ay inabuso, o may pelgrong maaabuso.

Sa ilang mga pagkakataon, maaaring kriminal na paglabag para sa tauhan ng paaralan ang hindi pagsumbong ng pang-aabuso sa mga maykapangyarihan.

PAGPROTEKTA NG AKING ANAK

Ano ang maaari kong gawin upang tumulong sa pagturo at pag-protekta ng aking anak sa pang-aabuso?

Makipag-usap ka sa iyong anak at siguruhin mo na alam niya na walang sinuman ang maaaring manakot, manakit o manghipo sa kanya sa paraang para sa kanya ay di-komportable.

Bawat relasyon ay dapat magalang at walang sinuman ang dapat kumilos sa paraang nakakaramdam siya na hindi siya ligtas o nakakaramdam siya ng takot.

Ang paaralan ng iyong anak ay susuportahan din ang iyong anak na matuto tungkol sa kanyang mga karapatan na maging ligtas at igitang. Ang mga paaralang ng pamahalaan ng Victoria ay nagtuturo ng programa ng **Mga Magalang na Relasyon** na magtataguyod ng mga positibong saloobin at pag-uugali at naglalayong hadlangan ang karahasan sa pamilya.

Ano ang dapat naming pag-usapan kapag ipinapaliwanag ko ang kaligtasan sa aking anak?

May mga bagay na magagawa mo sa iyong tahanan na magdaragdag sa pag-unawa ng iyong anak sa ligtas at magalang na relasyon kabilang ang:

- pakikipag-usap mo nang tapatan sa iyong anak tungkol sa kanyang mga damdamin at mga relasyon
- paniniguro na nauunawaan niya na ikaw ay makikinig at kikilos kung siya ay nababahala tungkol sa pagtrato ng sinuman sa kanya
- paggamit ng tamang katawagan sa mga bahagi ng katawan at pagkakaroon ng mga angkop sa edad na pag-uusap tungkol sa paghipo at gawaing sekswal
- pagpapaalam sa iyong anak na ang mga adulto kailanman ay hindi dapat manakit o kumilos sa isang sekswal na paraan sa sinumang bata

Panatiliing ligtas ang mga bata sa labas ng tahanan o sa paaralan

Gumaganap ka ng isang napakahalagang papel sa pagsisiguro na ang iyong mga anak ay nagpapalipas ng panahon sa mga ligtas na lugar.

Sa Victoria lahat ng mga taong nagtatrabaho kasama ng mga bata gaya ng mga tagasanay (coaches) at mga guro ng musika ay dapat may pangkasalukuyang Working With Children Check.

Maaaring nais mong siyasatin na ang sinumang tauhan at mga boluntaryong nagpapalipas ng panahon kasama ng iyong anak pagkatapos ng mga oras ng paaralan at sa mga Sabado't Linggo ay may balidong Working With Children Check.

Kung sa palagay mo ay kailangan mo ng tulong upang panatiliing ligtas sa kapahamakan ang iyong mga anak at suportahan ang kanilang malusog na pag-unlad, mahalaga na maghanap ka ng kaunting tulong. Bumisita ka sa Better Health Channel ng Pamahalaan ng Victoria para sa impormasyon tungkol sa paghanap ng suporta. Tingnan www.betterhealth.vic.gov.au.





KARAGDAGANG IMPORMASYON

Saan ako pupunta para sa karagdagang impormasyon at suporta?

Maaari mong kontakin kaagad ang DHHS, Child Protection at Victoria Police para pag-usapan ang anumang pagkabahala mo tungkol sa kapakanan ng isang bata (tingnan ang mga detalyeng pang-kontak sa susunod na pahina)

Kung mayroon kang anumang pagkabahala tungkol sa iyong anak o sa ibang bata sa paaralan ng iyong anak, makipag-usap sa punong-guro o sa isang kawani sa paaralan tungkol sa iyong mga pagkabahala. Maaari mo ring idulog ang bagay na ito sa DHHS, Child Protection at Victoria Police.

Para sa karagdagang impormasyon kung saan ka pupunta para sa suporta upang manatiling ligtas sa kapahamakan ang iyong anak bumisita sa Better Health Channel ng Pamahalaan ng Victoria. www.betterhealth.vic.gov.au

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa:

- ang papel ng paaralan ng iyong anak sa paghadlang at pamamahala ng pang-aabuso sa bata: www.education.vic.gov.au/protect
- mga palatandaan ng pang-aabuso, bumisita sa www.education.vic.gov.au/protect

Kung ikaw ay nag-aalala o hindi panatag tungkol sa pagtugon ng iyong paaralan at/o nais mong makipag-usap sa kanino man sa labas ng paaralan paki-kontak ang:

- Mga paaralan ng pamahalaan ng Victoria Tanggapang Rehiyonal: www.education.vic.gov.au/about/contact/Pages/regions.aspx
- Mga Paaralang Katoliko tanggapan ng edukasyon ng lokal na Diyosesis: www.cecv.catholic.edu.au/About-Us/Dioceses
- Mga Independiyenteng Paaralan ng Victoria: www.is.vic.edu.au/who-we-are/contact-us/

PANG-KONTAK NA IMPORMASYON

24 Oras na mga Serbisyo

| | |
|---|-----------------------|
| Victoria Police | 000 |
| Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao (Department of Health and Human Services) Pagprotekta ng Bata (Child Protection) | 131 278 |
| Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay Sangay ng mga Serbisyo ng Kaligtasan (Department of Education and Training Security Services Unit) | (03) 9589 6266 |

Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay (Department of Education and Training)

| | |
|---|--|
| Sangay ng mga Serbisyo ng Kaligtasan (Security Services Unit) | (03) 9589 6266 |
| Sangay ng Insidente at Recovery ng Mag-aaral (Student Incident and Recovery Unit) | (03) 9637 2934 o (03) 9637 2487 |
| Legal na Sangay (Legal Division) | (03) 9637 3146 |
| Programa ng Tulong sa Empleyado (Employee Assistance Program) | 1300 361 008 |
| Kalusugan ng Empleyado (Employee Health) | (03) 9637 2395 |
| Sangay ng Asal ng Empleyado (Employee Conduct Branch) | (03) 9637 2595 |
| Sangay ng Pagkakapribado (Privacy Unit) | (03) 9637 3601 |
| Pandaigdig na Sangay | (03) 9651 3976 |
| Sangay ng Komunikasyon (Communications Division) | (03) 9637 2871 |

Edukasyong Katoliko

| | |
|---|-----------------------|
| Arkodiyosis ng Melbourne (Archdiocese of Melbourne) | (03) 9267 0228 |
| <ul style="list-style-type: none"> ■ Tanggapan ng Propesyunal na Asal, Etika & Pagsisiyasat (Office of Professional Conduct, Ethics & Investigation) ■ Mga Serbisyong Legal ■ Pang-impormasyong Linyang ukol sa Kapakanan ng Mag-aaral ■ Sangay ng Komunikasyon & Pamimarkado (Tagapayong Pang-Medya) | |
| Diyosis ng Sale | (03) 5622 6600 |
| Diyosis ng Ballarat | (03) 5337 7135 |
| Diyosis ng Sandhurst | (03) 5443 2377 |

Mga Independiyenteng Paaralan

| | |
|---|-----------------------|
| Mga Independiyenteng Paaralan ng Victoria | (03) 9825 7200 |
|---|-----------------------|

Rehiyonal

| | |
|------------------------------------|-----------------------|
| Hilagang Silangang Victoria | |
| Mga pangkalahatang pagtatanong | 1300 333 231 |
| Tanggapan ng Benalla | (03) 8392 9500 |
| Tanggapan ng Glen Waverley | (03) 8392 9300 |
| Hilagang Kanlurang Victoria | |
| Tanggapan ng Bendigo | (03) 5337 8444 |
| Tanggapan ng Coburg | (03) 9488 9488 |
| Timog Silangang Victoria | |
| Tanggapan ng Dandenong | (03) 8765 5600 |
| Tanggapan ng Moe | (03) 5127 0400 |
| Timog Kanlurang Victoria | |
| Mga karaniwang tanong | 1300 333 232 |
| Tanggapan ng Ballarat | (03) 5337 8444 |
| Tanggapan ng Footscray | (03) 8397 0300 |
| Tanggapan ng Geelong | (03) 5225 1000 |
| Tanggapan ng Horsham | (03) 5310 5300 |
| Tanggapan ng Warrnambool | 1300 333 232 |

Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao Pagprotekta ng Bata

| Rehiyon | Mga Lugar ng mga Lokal na Pamahalaan (LGAs) | Telepono |
|---|--|---------------------|
| Mga LGAs sa dakong hilaga at kanluran sa labas ng lungsod. | Banyule, Brimbank, Darebin, Hobsons Bay, Hume, Maribyrnong, Melbourne, Melton, Moonee Valley, Moreland, Nillumbik, Whittlesea, Wyndham, Yarra. | 1300 664 977 |
| Mga LGAs sa dakong silangan sa labas ng lungsod | Boroondara, Knox, Manningham, Maroondah, Monash, Whitehorse, Yarra Ranges. Yarra Ranges | 1300 360 391 |
| Mga LGAs sa dakong timog sa labas ng lungsod | Bayside, Cardinia, Casey, Frankston, Glen Eira, Greater Dandenong, Kingston, Mornington Peninsula, Port Phillip, Stonnington. | 1300 655 795 |
| Kanluran at Rehiyonal na mga LGAs | Ararat, Ballarat, Golden Plains, Hepburn, Hindmarsh, Horsham, Moorabool, Northern Grampians, Pyrenees, West Wimmera, Yarriambiack, Colac-Otway, Corangamite, Glenelg, Greater Geelong, Moyne, Queenscliffe, Southern Grampians, Surf Coast, Warrnambool. | 1800 075 599 |
| Hilagang-kanlurang panlalawigan at rehiyonal na mga LGAs | Buloke, Campaspe, Central Goldfields, Gannawarra, Greater Bendigo, Loddon, Macedon Ranges, Mildura, Mount Alexander, Swan Hill. | 1800 675 598 |
| Hilaga-silangang panlalawigan at rehiyonal na mga LGAs | Alpine, Benalla, Greater Shepparton, Indigo, Mansfield, Mitchell, Moira, Murrindindi, Strathbogie, Towong, Wangaratta, Wodonga. | 1800 650 227 |
| Silangan at timog-silangang panlalawigan at rehiyonal na mga LGAs | Bass Coast, Baw Baw, East Gippsland, Latrobe, South Gippsland, Wellington. | 1800 020 202 |

Child First

| | |
|---|----------------|
| Alpine | 1800 705 211 |
| Ararat | 1300 783 341 |
| Ballarat | 1300 783 341 |
| Banyule | (03) 9450 0955 |
| Bass Coast | (03) 5662 5150 |
| Baw Baw | 1800 339 100 |
| Bayside | 1300 367 441 |
| Benalla | 1800 705 211 |
| Boroondara | 1300 762 125 |
| Brimbank | 1300 138 180 |
| Buloke | 1300 665 218 |
| Campaspe | 1800 260 338 |
| Cardinia | (03) 9705 3939 |
| Cardinia – Mga bata at pamilyang katutubo Aboriginal children and families | (03) 9794 5973 |
| Casey | (03) 9705 3939 |
| Casey - Mga bata at pamilyang katutubo Aboriginal children and families | (03) 9794 5973 |
| Central Goldfields | 1800 260 338 |
| Colac-Otway | (03) 5232 5500 |
| Corangamite | (03) 5232 5500 |
| Darebin | (03) 9450 0955 |
| East Gippsland | (03) 5152 0052 |
| Frankston | 1300 721 383 |
| Gannawarra | 1300 665 218 |
| Glen Eira | 1300 367 441 |
| Glenelg | 1300 543 779 |
| Golden Plains | 1300 783 341 |
| Greater Bendigo | 1800 260 338 |
| Greater Dandenong | (03) 9705 3939 |
| Greater Dandenong - Mga bata at pamilyang katutubo Aboriginal children and families | (03) 9794 5973 |
| Greater Geelong | 1300 551 948 |
| Greater Shepparton | 1300 854 944 |
| Hepburn | 1300 783 341 |
| Hindmarsh | 1800 195 114 |
| Hobson's Bay | 1300 775 160 |
| Horsham | 1800 195 114 |
| Hume | 1300 786 433 |
| Indigo | 1800 705 211 |
| Kingston | 1300 367 441 |
| Knox | 1300 369 146 |
| La Trobe | 1800 339 100 |
| Loddon | 1800 260 338 |
| Macedon Ranges | 1800 260 338 |

| | |
|----------------------|----------------|
| Manningham | 1300 762 125 |
| Mansfield | 1800 705 211 |
| Maribyrnong | 1300 775 160 |
| Maroondah | 1300 369 146 |
| Melbourne | 1300 775 160 |
| Melton | 1300 138 180 |
| Mildura | 1300 625 533 |
| Mitchell | 1800 663 107 |
| Moira | 1300 854 944 |
| Monash | 1300 762 125 |
| Moonee Valley | 1300 775 160 |
| Macedon Ranges | 1300 783 341 |
| Moorabool | 1300 786 433 |
| Moreland | 1300 721 383 |
| Mornington Peninsula | 1800 260 338 |
| Mount Alexander | 1300 543 779 |
| Moyne | 1800 663 107 |
| Neillumbik | (03) 9450 0955 |
| Northern Grampians | 1800 195 114 |
| Port Phillip | 1300 367 441 |
| Pyrenees | 1300 783 341 |
| Queenscliff | 1300 551 948 |
| South Gippsland | (03) 5662 5150 |
| Southern Grampians | 1300 543 779 |
| Stonnington | 1300 367 441 |
| Strathbogie | 1300 854 944 |
| Surf Coast | 1300 551 948 |
| Swan Hill | 1300 665 218 |
| Towong | 1800 705 211 |
| Wangaratta | 1800 705 211 |
| Warrnambool | 1300 543 779 |
| Wellington | (03) 5144 7777 |
| West Wimmera | 1800 195 114 |
| Whitehorse | 1300 762 125 |
| Whittlesea | (03) 9450 0955 |
| Wodonga | 1800 705 211 |
| Wyndham | 1300 775 160 |
| Yarra | (03) 9450 0955 |
| Yarra Ranges | 1300 369 146 |
| Yarriambiak | 1800 195 114 |

Mga Ibang Serbisyo

| | |
|--|-----------------------|
| Sentro Laban sa Sekswal na Pang-aabuso (CASA) – Pang-Emerhensyang Pagpapayo at Suporta sa Telepono 1800 806 292 | 1800 806 292 |
| Australian Childhood Foundation | 1800 176 453 |
| Children’s Protection Society | (03) 9450 0900 |
| Child Wise | (03) 9695 8900 |
| Vic Aboriginal Education Association | (03) 9481 0800 |
| Child Safety Commission | 1300 782 978 |
| Office of the Children’s eSafety Commissioner | 1800 880 176 |
| Victorian Aboriginal Child Care Agency (VACCA) | (03) 9287 8800 |
| Victorian Aboriginal Community Controlled Health Organisation (VACCHO) | (03) 9411 9411 |

Mga Tagabigay ng mga Serbisyonang nauukol sa Paggamot ng Sekswal na Pang-aabusong Pag-uugali: (Sexually Abusive Treatment Providers)

| | |
|----------------------------------|-----------------------|
| Aust Childhood Foundation | (03) 9874 3922 |
| Children’s Protection Society | (03) 9450 0900 |
| Berry St | (03) 5822 8100 |
| Sekswal na Pang-aabuso sa Mallee | (03) 5025 5400 |
| South Eastern CASA | (03) 9928 8741 |
| Ballarat CASA | (03) 5320 3933 |
| Barwon CASA | (03) 5222 4318 |
| Campaspe CASA | (03) 5441 0430 |
| Gippsland CASA | (03) 5134 3922 |
| Goulburn Valley CASA | (03) 5831 2343 |
| Upper Murray CASA | (03) 5722 2203 |
| Wimmera CASA | (03) 5381 9270 |

